Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Trusts



## Kailan binago ang batas ng SSI tungkol sa trusts?

Ang batas ng SSI tungkol sa trusts ay binago noong ika-1 ng Enero 2000. Ang impormasyon na ito ay umaaplay sa trusts na itinatag sa o pagkatapos ng ika-1 ng Enero 2000.

## Ano ang trust?

Ang trust ay isang legal na pagsasaayos na regulado ng batas ng Estado kung saan hawak ng isang partido ang ari-arian para sa benepisyo ng ibang partido. Sa ilang mga sitwasyon, ang trust ay maaaring itayo para sa isang tumatanggap ng SSI.

Ang trust ay maaaring maglaman ng:

- pera o ibang liquid assets; at
- ari-arian o personal na pag-aari na maaaring gawing pera.

## Paano naaapektohan ng trust ang aking mga benepisyo sa SSI?

Kung ginagamit mo ang iyong assets upang magtatag ng isang trust sa o pagkatapos ng ika-1 ng Enero 2000, ang trust ay ituturing na iyong pag-aari para sa SSI.

- Sa kaso ng isang **revocable** trust, ang buong trust ay ang iyong pag-aari.
- Sa kaso ng isang **irrevocable** trust, kung may anumang pangyayari na magpapahintulot ng pagbayad sa iyo o para sa iyong benepisyo, ang bahagi ng trust mula kung saan ang bayad ay maaaring manggaling ay ang iyong pag-aari.

Tingnan ang SSI Spotlight sa Mga Pag-aari para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pag-aari at SSI.

## Ano ang mga bagay na maituturing na assets at na ginagamit upang magtatag ng isang trust?

Karaniwang kasama sa assets ang iyong:

- income (maisasama at hindi isinasama);
- mga pag-aari (maisasama at hindi isinasama); at
- mga pag-aari o mga pagbabayad para kung saan ikaw ay may karapatan ngunit hindi natatanggap.

## Mayroon bang anumang mga eksepsyon sa batas sa trusts?

Ang batas ay hindi umaaplay sa:

- trusts sa ilalim ng Seksyon 1917(d)(4)(A) ng Batas ng Social Security, na kadalasang tinatawag na "special needs trusts;" at
- trusts sa ilalim ng Seksyon 1917(d)(4)(C) ng Batas ng Social Security, na kadalasang tinatawag na "pooled trusts."

Hindi rin namin isasama ang trust kung ang pagsama nito ay magdudulot sa iyo ng sobrang kahirapan.



Ang ilang revocable trusts sa ilalim ng Seksyon 1917(d)(4)(A) o (C) ng Batas ng Social Security ay maaari pa ring ituring na iyong pag-aari.

## Paano naaapektohan ang aking mga benepisyo sa SSI ng pera mula sa isang trust na *hindi* aking pag-aari?

- Ang perang ibinayad sa iyo mismo mula sa trust ay nagbabawas sa iyong benepisyo sa SSI.
- Ang perang ibinayad nang tuwiran sa isang tao upang magbigay sa iyo ng pagkain o shelter ay magbabawas sa iyong benepisyo sa SSI -- ngunit hanggang sa takdang limit lamang. Anuman ang halagang ginastos para sa mga bagay na ito, hindi lalampas ng $232.33 (sa 2008) ang ibinabawas mula sa iyong tseke sa SSI para sa buwan kung kailan mo natanggap ang mga bagay.
- Ang perang ibinayad nang tuwiran sa isang tao upang magbigay sa iyo ng mga bagay maliban sa pagkain o shelter ay hindi magbabawas sa iyong benepisyo sa SSI. (Kabilang sa mga bagay na hindi "pagkain o shelter" ang medikal na pangangalaga, mga singil sa telepono, edukasyon, libangan, atbp.)

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagtayo ng isang trust?

Hindi namin masasabi sa iyo kung paano magtatag ng isang trust. Maaari kang kumonsulta sa isang abogado o tagapayo sa pananalapi upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa trusts.

Ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ay may listahan ng mga grupo na makakahanap para sa iyo ng isang abogado o makapagbibigay sa iyo ng mga libreng legal na serbisyo kung ikaw ay kwalipikado. Maaari mo ring tawagan ang bar association sa Estado o sa iyong lugar o ang Legal Services Corporation para sa legal na tulong kung ikaw ay kwalipikado.

Ang ilang trusts at mga pagbabayad sa trust na hindi namin itinuturing bilang iyong pag-aari o income para sa mga layunin ng SSI ay maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa Medicaid.

Tawagan ang iyong Estado kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maaapektohan ng trust at ng mga pagbabayad sa trust ang pagiging kwalipikado sa Medicaid.

Karagdagan guhitan mag-aplay sa trust panggasiwaangang ng representative payee. Ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ng karagdagang impormasyon.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.